# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 12

## SISTEMANG PULITIKAL SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 12
## SISTEMANG PULITIKAL SA ASYA

Maraming bansang Asyano ang nagkamit ng kalayaan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Yun nga lamang, ilan lamang sa mga ito ang naging mapayapa ang proseso ng pagbabagong pulitikal. Naging mahirap para sa karamihan ng mga bansa ang matupad. Maraming mamamayan sa maraming bansang ito sa Asya ang kinailangang magbigay ng kanilang buhay para lamang maganap ang mga pagbabagong ito. Ang iba naman ay kinailangang maghiwa-hiwalay dahil sa pagkakaiba ng paniniwala at pananampalataya. Higit sa lahat, ang mga Asyano ay hindi tunay na inihanda ng mga kolonyalista para sa pagsasarili sa maraming kadahilanan (Tignan na lamang ang kaso ng Pilipinas). Gayunpaman, ginawa ng mga Asyano ang lahat ng maaari nilang gawin upang magawang pamahalaan ang kanilang mga sarili upang mapanatili ang kalayaang kanilang pinaghirapan at hinintay sa matagal na panahon.

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga sistemang pulitikal na itinatag ng mga Asyano.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga sumusunod na aralin:

- Aralin 1: Mga Uri ng Pamahalaan sa Asya
- Aralin 2: Ang Sistemang Pulitikal ng Ilang Bansa sa Asya
- Aralin 3: Mga Katangian ng Mabuting Pinuno

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang pagkakaiba ng mga sistemang pulitikal ng mga bansa sa Asya;
2. Maaanalisa ang pagkakaiba ng mga sistemang pulitikal sa Asya;
3. Mapapanindigan ang karapatang magkaroon ng mabuting pamahalaan; at
4. Masusuri ang balangkas ng pamahalaan ng mga bansang Asyano.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Batasang Pambansa sa Japan.

A. Diet
B. Mataas na Kapulungan
C. Mababang Kapulungan
D. Sharia

2. Ang sagradong batas ng Islam.

A. Maragtas
B. Kalantyaw
C. Sharia
D. Diet

3. Tawag sa mga rehiyon sa Japan na binubuo ng mga lungsod, bayan, at pamayanan.

A. Prefecture
B. Sangguniang Bayan
C. Diet
D. Sharia

4. Pamahalaang pinamumunuan ng isang tao at gumagamit ng dahas at pamimilit.

A. monarkiya
B. diktadurya
C. oligarkiya
D. demokrasya

5. Ang pamahalaan ng mga tao, para sa tao, at sa pamamagitan ng tao.

A. monarkiya
B. diktatoryal
C. oligarkiya
D. demokrasya

6. Sistemang pulitikal sa Sri Lanka.
   A. Komunista
   B. Republika
   C. Monarkiyang Konstitusyunal
   D. Sultanato

7. Sistemang pulitikal sa Jordan.
   A. Komunista
   B. Republika
   C. Monarkiyang Konstitusyunal
   D. Sultanato

8. Sistemang pulitikal sa Tsina.
   A. Komunista
   B. Republika
   C. Monarkiyang Konstitusyunal
   D. Sultanato

9. Sistemang pulitikal sa Malaysia.
   A. Republikang Parliyamentaryo
   B. Republika
   C. Monarkiyang Konstitusyunal
   D. Sultanato

10. Sistemang pulitikal sa Brunei.
   A. Komunista
   B. Republika
   C. Monarkiyang Konstitusyunal
   D. Sultanato

11. Sistemang pulitikal sa Indonesia.

    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

12. Sistemang pulitikal sa Cyprus.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

13. Sistemang pulitikal sa Israel.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

14. Sistemang pulitikal sa Iran.
    A. Komunista
    B. Republikang Islamik
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

15. Sistemang pulitikal sa Turkey.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

16. Sistemang pulitikal sa Maldives.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

17. Sistemang pulitikal sa Taiwan.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

18. Sistemang pulitikal sa Timog Korea.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

19. Sistemang pulitikal sa Pilipinas.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato


20. Sistemang pulitikal sa Lebanon.
    A. Komunista
    B. Republika
    C. Monarkiyang Konstitusyunal
    D. Sultanato

**ARALIN 1**

**MGA URI NG PAMAHALAAN SA ASYA**



Sa araling ito ay bibigyan ka ng ideya hinggil sa mga uri ng pamahalaan na mayroon sa mga bansa sa Asya.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang iba't ibang sistemang pulitikal sa mga bansa sa Asya;
2. Matutukoy ang pagkakaiba ng mga sistemang pulitikal sa mga bansa sa Asya; at
3. Makakapagsurmisa ng mga posibilidad kung bakit gayon ang mga sistemang pulitikal sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**


Pinag-aralan mo ang ilan sa mga uri ng pamahalaan noong ikaw ay nag-aaral pa lamang sa unang taon sa mataas na paaralan. Anu-ano ang mga ito? Ilarawan ang bawat isa.

**Ang Mga Sistema ng Pamamahala sa Iba't Ibang Bansa sa Asya**

May iba't ibang sistema ng pamamahala sa mga bansang Asyano. Ito ang mga sumusunod:

| Bansa | Pamahalaan |
|---|---|
| **A. Timog Kanlurang Asya** | |
| 1. Afghanistan | Dating Komunista – nasa transisyon |
| 2. Bahrain | Monarkiyang Tradisyunal/ Emir |
| 3. Cyprus | Republika |
| 4. Iran | Republikang Islamik |
| 5. Iraq | Republika |
| 6. Israel | Republika |
| 7. Jordan | Monarkiyang Konstitusyunal |
| 8. Kuwait | Monarkiyang Konstitusyunal |
| 9. Lebanon | Republika |
| 10. Oman | Monarkiyang *Absolute*/Sultanato |
| 11. Qatar | Monarkiyang Tradisyunal |
| 12. Saudi Arabia | Monarkiyang may Konseho ng mga Ministro |
| 13. Syria | Republika (sa ilalim ng militar) |
| 14. United Arab Emirates | Pederasyon ng mga *Emirate* |
| 15. Yemen | Republika |
| 16. Turkey | Republika |
| **B. Timog Asya** | |
| 1. Bangladesh | Republikang Parliyamentaryo |
| 2. Bhutan | Monarkiya |
| 3. India | Republikang Pederal |
| 4. Maldives | Republika |
| 5. Nepal | Monarkiyang Konstitusyunal |
| 6. Pakistan | Republikang Parliyamentaryo-Pederal |

| | |
|---|---|
| 7. Sri Lanka | Republika |
| **C. Silangang Asya** | |
| 1. People's Republic of China | Komunista |
| 2. Japan | Republikang Parliyamentaryo |
| 3. Hilagang Korea | Komunista |
| 4. TImog Korea | Republika |
| 5. Taiwan | Republika |
| **D. Timog Silangang Asya** | |
| 1. Brunei | Sultanato |
| 2. Myanmar | Pamahalaang Militar |
| 3. Indonesia | Republika |
| 4. Kampuchea (Cambodia) | Monarkiyang Konstitusyunal |
| 5. Laos | Komunista |
| 6. Malaysia | Republikang Parliyamentaryo – Pederal |
| 7. Pilipinas | Republika |
| 8. Singapore | Republika |
| 9. Thailand | Monarkiyang Konstitusyunal |
| 10. Vietnam | Komunista |
| 11. Timor Leste (East Timor) | Republika |
| E. **Hilagang Asya** | |
| 1. Kazakhstan | Republika |
| 2. Kyrgyztan | Republika |
| 3. Siberia | Komunista |
| 4. Tajikistan | Republikang Parliyamentaryo |
| 5. Turkmenistan | Republika |
| 6. Uzbekistan | Republika |



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Gumawa ng talaan ng bilang ng mga bansa sa Asya na may magkakatulad na uri ng pamahalaan.

| ***Uri ng Pamahalaan*** | ***Mga Rehiyon sa Asya*** | | | | | ***Kabuuang Bilang*** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | TKA | TA | SA | TSA | HA | |
| Republika | | | | | | |
| Republikang Pederal/ Parliyamentaryo | | | | | | |
| Monarkiyang Absolut/ Tradisyunal | | | | | | |
| Monarkiyang Konstitusyunal | | | | | | |
| Komunismo | | | | | | |
| Sultanato | | | | | | |

*Legend:*

- TKA – Timog-Kanlurang Asya
- TA - Timog Asya
- SA - Silangang Asya
- TSA – Timog-Silangang Asya
- HA - Hilagang Asya

B. Isulat ang uri ng pamahalaan na nangunguna at nahuhuli sa bawat rehiyon sa Asya.

| **Rehiyon** | **Nagungunang uri ng Pamahalaan** | **Uri ng Pamahalaan na Pinakakaunti ang Gumagamit** |
|---|---|---|
| Timog-Kanlurang Asya | | |
| Timog Asya | | |
| Silangang Asya | | |
| Timog-Silangang Asya | | |
| Hilagang Asya | | |

C. Matapos mong mapunan ang dalawang talahanayan, sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anong uri ng pamahalaan ang nangunguna sa buong Asya? ____________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

2. Anong uri ng pamahalaan ang nahuhuli sa buong Asya? ________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

**Mga Sistema ng Pamahalaan sa Asya**

Bakit ang uri ng pamahalaang ito ang nangunguna? Bakit ito naman ang nahuhuli? Ano ang mayroon sa kanya na wala sa iba? Sa susunod na paksa ay makikita mo ang mga pagkakaiba ng mga sistemang pulitikal na nabanggit sa naunang seksyon ng araling ito.

**1. Republika**

Sa isang republika, ang tao ang makapangyarihan. Ang mga namumuno sa pamahalaan ay itinuturing lamang na mga kinatawan ng mga taong naghalal sa kanila sa posisyon. Kung ang isang republika ay sistemang:

- ***Presidensyal*** – ang pinuno ng buong estado ay ang **pangulo**.
- ***Parliyamentaryo*** – ang pinuno ng buong estado ay ang **pinunong ministro**.
- ***Unitaryo*** – saklaw ng pamahalaang pambansa/nasyonal ang pamahalaang lokal.
- ***Pederal*** – may awtonomiya ang pamahalaang lokal mula sa pamahalaang pambansa/nasyonal.

**2. Monarkiya**

Ang isang monarkiya ay pinamumunuan ng isang lider na nagmula sa lahi ng mga dugong bughaw. May dalawang uri ng monarkiya:

- ***Monarkiyang Absolut*** – ang lahat ng kapangyarihan ay nasa pinuno.
- ***Monarkiyang Konstitusyunal*** – ang pinuno ay may limitadong kapangyarihan.

**3. Diktatoryal**

Sa isang sistemang diktatoryal, iisang tao ang namumuno. Karaniwang gumagamit ito ng dahas at pamimilit.

**4. Komunismo**

Sa sistemang ito, walang indibidwal ang may pag-aari; ang lahat ay pag-aari ng bansa. Ito ay karaniwang kumikilos sa prinsipyong *“From each according to his abilities, and to each according to his needs.”*

**5. Sosyalismo**

Sa sistemang ito, ang isa sa pundamental na layunin ng pamahalaan ay ang pagkontrol sa ekonomiya.

**6. Emirate**

Ang sistemang ito ay pinamumunuan ng isang emir, prinsesa, o prinsipe mula sa lahi ni Muhammad.

**7. Sultanato**

Sa sistemang ito, hawak ng sultan ang buong kapangyarihan.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga sistemang pulitikal sa Asya ay ang mga sumusunod:
  - Republika
  - Monarkiyang Absolut/ Tradisyunal
  - Monarkiyang Konstitusyunal
  - Komunismo
  - Sultanato



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Punan ng tamang salita ang mga patlang upang mabuo ang talata.

Republika, (1) _______________ ang tawag kapag ang Pangulo ang pinuno ng estado at (2) _______________ naman kapag ang namumuno sa gabinete ay ang Punong Ministro. Saklaw ng pamahalaang pambansa ang pamahalaang lokal sa sistemang (3) _______________. Malaya naman sa isa't isa ang pamahalaang lokal at pang-estado sa sistemang (4) _______________.

(5) ________________ ang tawag sa pamahalaang pinamumunuan ng iisang tao na gumagamit ng dahas at pamimilit. Samantalang ang pamamaraan ng pagkontrol ng produksyon at distribusyon ng isang bansa ay ang tinatawag na (6) ______________.


**Monarkiyang** (7) ________________ ang tawag kapag limitado ang kapangyarihan ng pinuno at monarkiyang (8) ________________ kung labis ang kanyang kapangyarihan. Sa Sultanato, hawak ng (9) ___________________ ang kapangyarihan samantalang mga (10) __________________ naman ang namumuno sa pamahalaang *Emirate*.

**ARALIN 2**

**MGA SISTEMANG PULITIKAL SA ILANG BANSA SA ASYA**



Sa araling ito, matutunghayan mo ang sistemang pulitikal sa ilang piling bansa sa Asya. Makikita mo ang relasyon ng iba't ibang sangay ng pamahalaan ayon sa magkakaibang sistemang pulitikal.



Matapos ang araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga pangunahing elemento ng pagkakaiba ng mga ugnayan ng mga sangay ng pamahalaan sa magkakaibang sistemang pulitikal;
2. Maipaliliwanag kung bakit gayon ang pagkakaiba ng relasyon ng mga sangay ng pamahalaan base sa pagkakaiba ng sistemang pulitikal; at
3. Makapipili ng higit na mabuting uri ng pamahalaan para sa PIlipinas base sa ilang konsiderasyon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan.

Sa palagay mo, may posibilidad ba na magkapareho ang mga sistemang pulitikal sa Asya? Bakit? Bakit hindi?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Organisasyong Pulitikal ng India

Sa ilalim ng Konstitusyon ng India, ang Korte Suprema ang pinakamataas na tribunal sa bansa. Ito ay may kapangyarihan na ideklara na ang isang gawain ay labag sa konstitusyon.

Sa ilalim ng republikang pederal, ang sistemang parliyamentaryo ang sinusunod. Ito ay binubuo ng mataas na kapulungan o Rajva Sabha na binubuo ng mga kinatawang hinalal ng mga miyembro ng lehislatura ng estado at ang mababang kapulungan o Lok Sabha na binubuo ng mga kinatawang hinalal ng mga tao sa bawat distrito. Ang mga miyembro ng gabinete at minister ng konseho naman ay nagmumula sa Lok Sabha.

Ayon sa Konstitusyon ng India, ang lahat ng mamamayan nito ay may karapatang bumoto, marunong mang bumasa o hindi. Ang sentro ng pamahalaang Indian ay nasa New Delhi.

## Ang Organisasyong Pulitikal ng Pakistan

Ang pagkakabuo ng Pakistan ang kauna-unahang pagkakataon sa makabagong panahon na naitatag ang isang pamayanang pulitikal na naaayon sa iisang uri ng pananalig. Si Muhammad Ali Jinnah (Quaid-e-Azam), lider ng pamayanang Indiang Muslim ang namuno sa pagpupumilit ng pagkakaroon ng nahihiwalay na estado ng mga Indiang Muslim. Itinatag niya ang Al-Indian Muslim League noong 1906 at siya ang naging unang gobernador-heneral ng bansa nang ito ay mapagkalooban ng kasarinlan.

Ang pangalang Pakistan ay binuo ni Choudhary Rahmat Ali na kumakatawan sa apat na lalawigan ng Sind, Baluchistan, Punjab, at ng hilaga at kanlurang bahagi nito.

Ang Pakistan ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na estadong Kanlurang Pakistan at SIlangang Pakistan. Sa pagsisimula ng kanilan kasarinlan, at habang binubuo ang konstitusyon ng bansa, namatay si Ali Jinnah. Dahil sa kawalan ng gabay ng isang dakilang lider, ang bansa ay unti-unting nasalikupan ng mga kontrobersyang konstitusyunal hanggang sa ito ay malubog sa isang malalang suliranin.

Ang mga suliranin sa pagbuo ng konstitusyon ng Pakistan ay iminumungkahi ang mga sumusunod:

- Na bilang isang estadong Muslim, ang bansa ay kailangang sumunod sa mga prinsipyong Islam.
- Na bilang isang lipunang Islamik, ang lipunan nito ay kailangang maging malaya para sa mga Muslim at di-Muslim.
- Ang pagbabalik sa gawing imperyong Arab sa ilalim ng gabay ng Ulama ay kailangang maging malaya para sa mga Muslim at di-Muslim.
- Ang pagbabalik sa gawing imperyong Arab sa ilalim ng gabay ng Ulama bilang isang grupo.
- Ang pagbabalik sa kasulatan ng Koran.


Ang Pakistan ay naging isang republikang parliyamentaryo noong 1956, hanggang sa ito ay mapasailalim sa isang diktaturyang *military* sa pamumuno ni Heneral Ayub Khan noong 1969. Sa ilalim ng pamumuno ni Yahya Khan, naitatag ang nagsasariling Silangang Pakistan na ngayon ay Bangladesh. Ito ay naitatag matapos ang isang madugo at mainit na pakikidigma sa Kanlurang Pakistan.

## Organisasyong Pulitikal sa Bangladesh

Ang nag-iisang wikang Bengali ang naging malakas na armas ng mga Bengal upang matamo ang kanilang kasarinlan. Mula sa Pakistan noong 1971, sa ilalim ng pamumuno ni Shiek Mujibur Rahman, ang bansa ay binubuo ng 64 na distrito na may limang dibisyon. Bilang isang demokrasya, ang bansa ay naging magulo dala ng hindi matatag na pamahalaang lagi nang may mga pagkakagulo, pag-aaklas, at demonstrasyon.

**Sistemang Pulitikal sa Bansang Hapon**

Ang emperador ay panseremonya lamang at nagsisilbing simbolo ng pamahalaan at tanging nag-uugnay ng nakaraan sa nakalipas sa Monarkiyang Konstitusyunal ng bansang Hapon.




Ang konstitusyon ng bansang Hapon ay isinulat matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at naisabatas noong taong 1947 ng *Diet*, ang parliyamento ng bansang Hapon. Dahil sa ito ay ibinalangkas ng mga Amerikano, ipinapahayag nito ang kapangyarihan ng mga mamamayan at ginagarantiya ang karapatang pulitikal ng mga tao.

***Ang Ehekutibo***

Ang pambansang patakaran ng pamahalaan ay isinasaayos at isinasagawa ng punong ministro at ng kanyang *cabinet* na inihalal ng *Diet*.

***Ang Lehislatura***

Ang *Diet* ay binubuo ng *House of Councilors* at ng *House of Representatives*. Ang nauna ay binubuo ng 252 miyembro na inihalal para sa anim na taong panunungkulan. Ang *House of Representatives* naman ay binubuo ng 511 miyembro na kumakatawan sa 124 na distrito na inihalal para sa apat na taong panunungkulan.

***Ang Hukuman***

Ang sangay na ito ng pamahalaan ay indipendyente. Ito ay pinamumunuan ng punong mahistrado na inihalal ng gabinete at itinalaga naman ng emperador at iba pang 15 mahistrado na itinatakda naman ng mga miyembro ng gabinete.

**Ang Pamahalaang Komunista ng Tsina**

*Tatlong pangunahing Suporta ng Rehimen*

***Ang Partido***

Ito ang siyang kumokontrol sa pamahalaan, sa hukbo, at sa masang bumubuo sa selda ng partido. Ipinapakita ng piramideng dayagram sa ibaba na binubuo ng masa ang pundasyon nito. Ito ay sinusundan naman ng *National Party Congress* na binubuo ng may 1000 miyembro na ginaganap ng komiteng sentral na binubuo ng *Chairman,* 5 *Vice Chairman*, *Secretariat*, at ng *Politburo* na siya namang nagpapaganap ng mga alituntunin at kautusan ng pamahalaan.




Ang partido ay natatanikalaan ng prinsipyong *democratic centralism*. Sa prinsipyong ito, ang mga patakaran ng partido ay maaaring pagtalunan sa lahat ng lebel hanggang sa ito ay madesisyunan at ang anumang desisyong mabuo nito ay kailangang sundin ng mga miyembro nito, pababa. Ipinahihiwatig nito ang higit na pagbibigay-diin sa sentralismo kaysa demokrasya.

***Ang Pamahalaan***

Ang administrasyon ay nahahati sa 22 lalawigan, limang rehiyong awtonomus at tatlong lungsod. Ang pamahalaan ay siyang naglalabas ng mga isyu at nagpapatupad ng mga patakaran ng partido sa pamamagitan ng *State Council*. Ang *State Council* ay katumbas ng gabinete na binubuo ng *premier*, mga ministro, at mga puno ng mga departamento ng pamahalaan at ahensya.

***Ang Hukbo***

Ang hukbong sandatahan ng Tsina ay higit na kilala sa pangalang *Red Army*. Ang hukbong ito ay kinokontrol ng *Chairman* na siya ring umaakto bilang pinuno ng *National Defense Council*.

**Sistemang Pulitikal sa Malaysia**

Natamo ng Pederasyong Malaysia ang kasarinlan noong 1957 nang ito ay binubuo pa ng Singapore, Sarawak, at Sabah.

Ang pinuno ng pederasyon ay tinatawag na Yang di Peruan Agong na ang kahulugan ay *Paramount Ruler* o Pinakamataas na Pinuno. Siya ay inihalal para manungkulan na sultan nang limang taon. Ang parliyamento ng Malaysia ay binubuo ng Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan. Ang gabinete ay pinamumunuan ng punong ministro na siyang tagapayo ng pangulo. Si Tunku Abdul Rahman ang naging kauna-unahang punong ministro ng bansa.


**Sistemang Pulitikal sa Saudi Arabia**

Monarkiya ang porma ng pamahalaan ng Saudi Arabia. Ang Sagradong Batas ng Islam na Sharia ang kanilang sinusunod. Ang batas na ito ay naaayon sa mahigpit na interpretasyon na isinasagawa sa pamamagitan ng isang seremonya na tinatawag na Hambali. Ang gawain ay pinamumunuan ng isang ulama o mga marurunong na lider-ispiritwal. Sila ay walang nakasulat na konstitusyon. Walang hiwalay na batasan at wala ring partido pulitikal. Ang hari ng Saudi Arabia ang:

- Pinuno ng Pamahalaan
- Pinakamataas na lider ng simbahan
- Gumaganap na punong ministro
- Nagpapalabas ng mga dikretong Royal
- Pumipili sa mga Ministro

Bagaman mayroon silang konseho ng Shura, wala naman itong kapangyarihang gumawa ng mga batas. Ang sistemang panghukuman nila ay itinatadhana ng Sharia na hango sa Koran at Sunna, mga tradisyong pinasimulan ni Muhammad.

Ang pagpapalit sa trono ay hindi namamana. Ito ay pinipili buhat sa pamilya royal ng Saudi pagkatapos gawin ang konsultasyon sa mga pinuno ng simbahan at pamahalaan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ilagay sa paligid ng Hari ng Saudi Arabia ang mga kapangyarihang taglay niya.




B. Tukuyin ang inilalarawan na matatagpuan sa ginulong mga titik.

1. Ang kauna-unahang punong ministro ng India. **EURHN**
2. Ang kauna-unahang punong ministro ng Pakistan. **NNAHIJ ILA**
3. Ang namumuno sa Tsina. **MANICHA**
4. Ang mababang kapulungan ng pamahalaang pederal ng India. **AHBAS**
5. Ang mataas na kapulungan ng pamahalaang pederal ng India. **AHBAS**

6. Parliyamento ng bansang Hapon. **TEID**

7. Hukbong sandatahan ng komunistang Tsina. **DRE MYRA**

8. Ang pinuno ng pederasyong Malaya. **NAGY DI NUTEPRA NOGGA**

9. Ang kauna-unahang punong ministro ng Malaysia. **UKNUT DBAUL HRANAM**

10. Uri ng pamahalaan sa Saudi Arabia. **MNOAKYIAR**



**Tandaan Mo!**

- Ang bansang Hapon ay isang Monarkiyang Konstitusyunal.
- Ang India ay isang Republikang Pederal.
- Ang Tsina ay isang Komunistang bansa.
- Ang Malaysia ay isang Republikang Parliyamentaryo.
- Ang Saudi Arabia ay isang Monarkiya.



**Gawain 3: Paglalapat**


Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

Sa iyong palagay, magiging epektibo ba sa Pilipinas ang mga sistema ng pamahalaan sa mga bansang nabanggit sa araling ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## ARALIN 3
## MGA KATANGIAN NG MABUTING PINUNO



Malaki ang nagagawa ng uri ng sistemang pampulitika ng bansa sa pag-unlad nito subalit higit na malaki ang papel na ginagampanan ng isang pinuno. Sa mga kamay niya nakasalalay ang kinabukasan ng buong sambayanan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga katangian ng isang mabuting pinuno; at
2. Makapag-eebalweyt ng mga lider alinsunod sa mga katangiang ito.




**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ano ang mga katangian ng isang mabuting pinuno? Isipin mo ang isang lider o pinuno na iyong iniidolo. Anu-ano ang kanyang mga katangian. Isa-isahin mo ito. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

**Mga Katangian ng Isang Mabuting Pinuno**

Anu-ano nga ba ang katangian ng isang mabuting pinuno. Ang ilan sa mga katangiang ito ay ang mga sumusunod:

- Matatag
- Disiplinado
- Matalino
- Hindi namumulitika
- Hindi maluho
- Hindi makasarili
- Nakapagpaplano nang maayos
- May pananaw upang ipatupad ang mga layunin
- Modelo ng kabutihang-asal at pag-uugali
- Marunong makipagkasundo sa mga karatig-bansa na hindi isinasakripisyo ang kapakanan ng sariling bansang pinamumunuan



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Tukuyin ang mga katangian ng isang mabuting pinuno. Kung may nais ka pang idagdag, mas mabuti.



**Tandaan Mo!**

- Hindi lahat ng pinuno ay nagiging mabuti. Nararapat lamang na may mga katangian silang makatutulong upang sila ay maging mga mabuting pinuno.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Tukuyin ang maaaring maging epekto kung taglay ng isang pinuno ang mga katangiang tinalakay natin sa araling ito. Magbigay ng tatlo. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

B. Tukuyin ang maaaring maging epekto kung hindi taglay ng isang pinuno ang mga katangiang tinalakay natin sa araling ito. Magbigay ng tatlo. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ang mga sumusunod ay pangunahing kaisipan na dapat mong tandaan tungkol sa modyul na ito:

- Ang mga sistemang pulitikal sa Asya ay ang mga sumusunod:
    - Republika
    - Monarkiyang Absolut/ Tradisyunal
    - Monarkiyang Konstitusyunal
    - Komunismo
    - Sultanato
- Ang bansang Hapon ay isang Monarkiyang Konstitusyunal.
- Ang India ay isang Republikang Pederal.
- Ang Tsina ay isang Komunistang bansa.
- Ang Malaysia ay isang Republikang Parliyamentaryo.
- Ang Saudi Arabia ay isang Monarkiya.
- Ang ilan sa mga katangian ng isang mabuting pinuno ay ang mga sumusunod:
    - Matatag
    - Disiplinado
    - Matalino
    - Hindi namumulitika
    - Hindi maluho
    - Hindi makasarili
    - Nakapagpaplano nang maayos
    - May pananaw upang ipatupad ang mga layunin
    - Modelo ng kabutihang-asal at pag-uugali
    - Marunong makipagkasundo sa mga karatig-bansa na hindi isinasakripisyo ang kapakanan ng sariling bansang pinamumunuan



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Pamahalaang pinamumunuan ng iisang tao at gumagamit ng dahas at pananakot.
   A. Diktadurya
   B. Monarkiya
   C. Republika
   D. Parliyamentaryo

2. Batasang Pambansa ng bansang Hapon.
   A. Politburo
   B. National Secretariat
   C. Diet
   D. Emirate

3. Ang pamahalaan ng mga tao, para sa tao, at sa pamamagitan ng mga tao.
   A. Republika
   B. Demokrasya
   C. Monarkiya
   D. Komunista

4. Ang sistema ng pamahalaan sa bansang Hapon.
   A. Monarkiyang Konstitusyunal
   B. Komunista
   C. Diktadurya
   D. Oligarkiya

5. Ang sagradong batas ng Islam.
   A. Sharia
   B. Kodigo ni Maragtas
   C. Kodigo ni Kalantyaw
   D. Konstitusyon

6. Sistemang pulitikal ng Sri Lanka.

A. Monarkiya

B. Republika

C. Diktadurya

D. Komunista

7. Sistemang pulitikal sa Jordan.

A. Komunista

B. Monarkiyang Konstitusyunal

C. Sultanato

D. Diktadurya

8. Sistemang pulitikal sa Tsina.

A. Sultanato

B. Komunista

C. Diktadurya

D. Monarkiya

9. Sistemang pulitikal sa Brunei.

A. Komunista

B. Sultanato

C. Diktadurya

D. Monarkiya

10. Sistemang pulitikal sa Malaysia.

A. Komunista

B. Republikang Parliyamentaryo

C. Diktadurya

D. Monarkiya

11. Tawag sa mga rehiyon sa Japan na binubuo ng mga lungsod, bayan, at pamayanan.

A. Diet

B. Sangguniang Bayan

C. Prefecture

D. Sharia

12. Sistemang pulitikal sa Pilipinas.

A. Komunista

B. Monarkiyang Konstitusyunal

C. Republika

D. Sultanato

13. Ang sumusunod ay ang tatlong suporta ng rehimeng komunista sa Tsina maliban sa isa:

A. Pamahalaan

B. Partido

C. Diet

D. Hukbo

14. Ang sumusunod ay mga katangian ng isang mabuting pinuno maliban sa isa:

A. modelo ng kabutihan

B. matatag at disiplinado

C. nagnanakaw sa kaban ng bayan

D. matalino

15. Ang mga sumusunod ay tungkulin ng hari ng Saudi Arabia maliban sa isa:

A. pinakamataas na lider ng simbahan

B. punong ministro

C. kawal

D. pinuno ng pamahalaan



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. A
2. C
3. A
4. B
5. D
6. B
7. C
8. A
9. A
10. D
11. B
12. B
13. B
14. B
15. B
16. B
17. B
18. B
19. B
20. B

**ARALIN 1: MGA URI NG PAMAHALAAN SA ASYA**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sagot ay nasa ikalawang bahagi ng diskusyon sa araling ito.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

| ***Uri ng Pamahalaan*** | ***Mga Rehiyon sa Asya*** | | | | | ***Kabuuang Bilang*** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | TKA | TA | SA | TSA | HA | |
| Republika | 7 | 2 | 2 | 4 | 4 | 20 |
| Republikang Pederal/ Parliyamentaryo | | 3 | 1 | 1 | 1 | 6 |
| Monarkiyang Absolut/ tradisyunal | 4 | 1 | | | | 5 |
| Monarkiyang Konstitusyunal | 2 | 1 | | 2 | | 5 |
| Komunismo | 1 | | 2 | 1 | 1 | 5 |
| Sulatanato | | | | 1 | | 1 |

B.

| Rehiyon | Nangungunang Uri ng Pamahalaan | Uri ng Pamahalaan na Pinakakaunti ang Gumagamit |
|---|---|---|
| Timog-Kanlurang Asya | Republika | Republika Parliyamentaryo/Pederal |
| Timog Asya | Republikang Parliyamentaryo | Komunismo |
| Silangang Asya | Republika/Komunismo | Monarkiya |
| Timog-Silangang Asya | Republika | Monarkiyang Absolut |
| Hilagang Asya | Republika | Monarkiya |

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Maraming maaaring maging sagot sa katanungang ito. Ikonsulta ito sa iyong guro.

**ARALIN 2: ANG SISTEMANG PULITIKAL NG ILANG BANSA SA ASYA**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Ikonsulta ang sagot sa iyong guro.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. Pinuno ng Pamahalaan
2. Pinakamataas na lider ng simbahan
3. Gumaganap na Punong Ministro
4. Nagpapalabas ng dikretong royal
5. Pumipili sa mga Ministro

B.

1. Nehru
2. Ali Jinnah
3. Chairman
4. Lok Sabha
5. Rajva Sabha
6. Diet
7. Red Army
8. Yang di Pertuan Agong
9. Tonku Abdul Rahman
10. Monarkiya

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Ikonsulta ang sagot sa iyong guro.

**ARALIN 3: MGA KATANGIAN NG MABUTING PINUNO**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Ikonsulta sa iyong guro.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

(Maaari mo pa itong dagdagan.)

- Matatag
- Disiplinado
- Matalino
- Hindi namumulitika
- Hindi maluho
- Hindi makasarili
- Nakapagpaplano nang maayos
- May pananaw upang ipatupad ang mga layunin
- Modelo ng kabutihang-asal at pag-uugali
- Marunong makipagkasundo sa mga karatig-bansa na hindi isinasakripisyo ang kapakanan ng sariling bansang pinamumunuan

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Ikonsulta sa iyong guro.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. A
2. C
3. B
4. A
5. A
6. B
7. B
8. B
9. B
10. B
11. C
12. C
13. C
14. C
15. C